Forest Foundation Philippines
Let's grow together.
PROJECT FOREST
Fostering Outdoor Reading and Environmental Stewardship Together
EKOMUNIKATIB
Multimedia Consultancy Services

# Ang Mahiwagang Kabakawan ng Cabayugan



Kuwento ni Keith Anthony S. Fabro
Guhit ni Mia Duane A. Ventura

EKOMUNIKATIB
Multimedia Consultancy Services
Karapatang-ari © 2024 Ekomunikatib Multimedia Consultancy Services,
Keith Anthony S. Fabro at Mia Duane A. Ventura

Lahat ng karapatan ay reserbado.
Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring muling likhain sa anumang anyo nang walang pahintulot na nakasulat mula sa mga may-ari ng karapatan.

Unang Edisyon, 2024

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas
Inilathala ng Ekomunikatib Multimedia Consultancy Services
Kapwa tagapaglathala: Forest Foundation Philippines, Puerto Princesa Subterranean River National Park (PPSRNP) Management Office, DepEd Puerto Princesa City Division, at USAID Sustainable Interventions for Biodiversity, Oceans, and Landscapes (SIBOL)

Manunulat: Keith Anthony S. Fabro
Patnugot: Jee Y. Geronimo
Tagaguhit: Mia Duane A. Ventura
Tagalapat: Edrich Q. Pasamonte

Mga Tagasuri:

*PPSRNP Management Office*
**Elizabeth A. Maclang** - Protected Area Superintendent
**Jan Elmer I. Badilla** - CEPA Chief
**Jacinth D. Mabayag** - CEPA Specialist
**Allan Brix E. Madrona** - CEPA Specialist

*Forest Foundation Philippines*
**Joanne Chua** - Project Officer for SIBOL
**Ana Veronica Gabriel** - Palawan Landscape Coordinator
**Bryan Joel Mariano -** Knowledge Management Specialist
**Schenley Anne Belmonte -** Communications Specialist
**Mary Janelle Regina Uy** - KM/Comms Associate

*USAID SIBOL*
**Jocelyn Caseres** - Palawan Site Team Lead
**Mickel Ollave** - PPSRNP SECOMO
**Lorelie Astrera** - GYESI Specialist
**Jo Javan Cerda** - Communications Specialist
**Wulmar Cerio** - Technical Writer
**Alan Kristofer Motus -** Media & Program Coordinator

*DepEd Puerto Princesa City Divison*
**Laida M. Lagar-Mascareñas, CESE**
OIC, Schools Division Superintendent

**Rufino B. Foz**
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

**Cyril C. Serador, PhD**
Chief, Curriculum Implementation Division

**Sheila B. Tindog, PhD** - EPS (LRMS Manager)
**Glenda A. Almeniana** - EPS (English)
**Luis R. Mationg** - EPS (Filipino)
**Rolando A. Taha, PhD** - EPS (Science)
**Dennis M. Lucas, PhD** - EPS (TLE)
**Antonieta C. Miguel** - EPS (Values Education)
**Imelda C. Oblan -** PSDS IPED Focal Person
**Eva Joyce C. Presto** - PDO II
**Rhea Ann A. Navilla** - Librarian II

*Division Learning Resource Evaluators*
**Enrile O. Abrigo, Jr.** - Editor (Language)
**Jim Paul M. Belgado** - Editor (Language)
**Daniel C. Tabinga, Jr.** - Illustrator
**Jay M. Maravilla** - IPR
**Liezl O. Arosio** - Layout Artist

Ang aklat na ito ay ginawa sa ilalim ng Project Fostering Outdoor Reading and Environmental Stewardship Together (FOREST), isang *environmental education initiative* na nakatuon sa mga kabataan sa PPSRNP. Ang proyekto ito ay pinondohan ng Forest Foundation Philippines (pumapasok sa komersyo bilang Philippine Tropical Forest Conservation Foundation, Inc.), at ipinatupad ng Ekomunikatib Multimedia Consultancy Services, katuwang ang PPSRNP Management Office, DepEd Puerto Princesa City Division, USAID SIBOL at Palawan State University College of Arts and Humanities Extension Services Office.

# Ang Mahiwagang Kabakawan ng Cabayugan



Kuwento ni Keith Anthony S. Fabro
Guhit ni Mia Duane A. Ventura

Luntian at makapal ang kabakawan ng Sitio Sabang sa Puerto Princesa Subterranean River National Park, kung saan nakatira ang batang nagngangalang Mira.

Magmula nang siya ay musmos pa lamang hanggang sa makatuntong sa elementarya, isinasama na siya ng kaniyang Lola Marina sa kabakawan.



Pangingisda ang ikinabubuhay ng kanilang pamilya.

Tuwing pumapalaot ang kaniyang amang si Menan, at abala naman sa mga gawaing bahay ang inang si Minda, isinasama ni Lola Marina si Mira sa kabakawan.

Hindi makalilimutan ng apo ang unang pagkakataon na dinala siya ng kaniyang lola sa kagubatang ito.

"Maligayang pagdating sa aming kabakawan," nakangiting wika ni Lola Marina. Isa siyang *tourist guide* sa Sitio Sabang.

Habang siya ay nasa harap ng bangkang lulan ang mga turista, sa kaniyang gilid naman nakaupo ang apong si Mira, tila bisita ring sabik na sabik sa kaniyang mga nakikita.





Kahit matanda na, may sigla at tamis pa rin ang mga ngiti at mata ni Lola Marina. Nang nagsimulang sumagwan ang bangkerong nakaupo sa likuran, nag-umpisa na rin si Lola Marina sa pagbabahagi ng mga kaalaman tungkol sa kabakawan.

"Ang kabakawan ay mahalaga sa atin," panimula niya. "Bukod sa pagiging pasyalan ng mga turistang tulad ninyo, nagsisilbi rin itong kabuhayan para sa aming mga pamilya. Ito rin ay tahanan ng samu't saring buhay-ilang."



Inangat ni Lola Marina ang kaniyang kamay at itinuro ito sa may bandang itaas. "Tumingala tayo sa kaliwa," masayang bulalas niya.

"Yon! May binturan na ahas! Karaniwan silang gising tuwing gabi at nagpapahinga naman sa umaga. Sa gawing kanan naman, tingnan ninyo ang lumulundag-lundag na mga unggoy."

"Madalas mang nauugnay sa panganib ang mga hayop na ito, hindi naman sila magiging agresibo kung hahayaan lang natin silang mamuhay nang payapa at hindi natin sila gagambalain sa kanilang sariling mga tahanan." paliwanag ni Lola Marina.

"Kung hindi natin puputulin ang kabakawan para gamitin sa paggawa ng bahay o uling, o para gawing palaisdaan, wala naman tayong dapat ipag-alala."



Sa musmos na mga mata at isip ni Mira, mistula siyang pumasok sa lagusan ng pantasya habang patuloy na nakikinig sa kaniyang lola na parang paawit kung magpaliwanag sa mga turista. Nagniningning ang buong paligid kahit pa mataas ang sikat ng araw.

Sinalubong siya ng nakaeengganyong huni ng mga ibon. “Kumusta, Mira?” bati ng isang ibon sa kaniya. “Ako si Isabel, isa akong talusi at dito kami naninirahan, nangingitlog, at nagpaparami.”

Kinampay-kampay ng ibon ang pakpak nito habang inaaliw ang bata. “Nakatutuwa naman at nakapagsasalita ka. Ano-ano pa ang kaya mong gawin?” tanong ng bata na nakaupo sa bangka.

“Marami pa — habang kami ay nanginginain ng mga isda, alimango, at talaba, nagsasaboy din kami ng mga buto ng mga prutas at punongkahoy, at tumutulong kami na magbigay sustansiya at balanse sa kabakawan bilang isang ekosistema.”



Biglang lumipad ang ibon at saka dumapo sa isang napakatayog na bakawan.

"Ako si Inang Bakawan," wika nito.

"Maligayang pagdating sa aking kaharian. Bago pa ipinanganak ang Lola Marina mo, nandito na ako, nagsisilbing kanlungan ng iba't ibang buhay-ilang, at nagbigay proteksyon sa iyong mga ninuno."

"Ikinagagalak ko po na makilala kayo," masayang tugon ng bata, kahit pa nagtataka ito kung bakit ang puno at ibon ay nakapagsasalita.









Bigla namang nabaling ang pansin ni Mira sa mga lumulukso-luksong isda. "Natutuwa akong nagawi ka rito, Mira," bati ng isdang nagngangalang Isidor.

"Dito kami sa kabakawan nangingitlog at nagpapalaki bago kami lumangoy papunta sa karagatan kasama ng mga alimasag, hipon, at iba pang mga yamang-dagat na nagbibigay kabuhayan sa iyong ama at iba pang mga mangingisda."

Ilang saglit lang, may napansin si Mira na kulay berde-kayumanggi na lumulutang-lutang sa di-kalayuan. Habang inaanod ito papalapit sa kaniya ay kinilabutan siya.

"*Tug, tug, tug!*" kabog ng puso niya.

Nabalot ng kadiliman at katahimikan ang paligid habang tagaktak ang kaniyang pawis sa takot. Tanong niya sa sarili, "Ito na kaya ang sinasabi ng mga kalaro ko na nananakmal na hari ng kabakawan?"

Nang isang dipa na lang ang layo nito, naalala niya ang tawag sa hayop. "Buwaya! Buwaya, layuan mo ako!"





Tinapik siya ng kaniyang Lola Marina. "Naku! Mira, apo, nananaginip ka nang gising. Tapos na ang *tour*. Sa ilang dekada kong nagtatrabaho rito, wala naman akong nakitang buwaya," paninigurado niya sa apo. "Kung may makita ka mang palutang-lutang, posibleng natumbang palapa ng niyog iyon na inanod sa ilog."

Dahil dumidilim na ang kalangitan, minabuti na nilang umuwi sa kanilang tahanan.







Tandang-tanda ng mga residente ng Cabayugan ang araw na iyon dahil papalapit na ang pasko. Kakaiba ang lakas ng ihip ng hangin at hampas ng mga alon sa dalampasigan. Habang tumatagal, padilim nang padilim ang kalangitan.


Nagtulungan ang mga tatay at nanay sa komunidad na itali ang mga bangka sa daungan para hindi sila tangayin nang nagngangalit na karagatan.



"May paparating na malakas na bagyo, magmadali kayo at lilikas tayo," sabi ng kaniyang ama habang inihahanda naman ng kaniyang ina ang kanilang *emergency kit.*

Sa malapit na *evacuation center* nagkubli ang maraming mga pamilya, kabilang sina Mira. Sa pag-ugong ng humahagibis na hangin, kasabay na lumalagutok ang nagsisibagsakang mga matataas na kahoy sa kanilang paligid.

"Nanay, natatakot po ako. Kailan kaya matatapos ito?" hikbi ni Mira.



Sagot ng ina, "Anak, may awa ang Diyos. Matatapos din ang delubyong ito."

Sa gitna ng kalamidad, habang ang bubong ng kanilang kabahayan ay unti-unting tinutuklap ng hangin, nagkaroon ng kaliwanagan at kapanatagan sa puso ni Mira.

"Opo, Nanay, alam kong hindi tayo pababayaan ng Diyos."






Kinabukasan, binisita ni Lola Marina at Mira ang kabakawan. Pagtapak ng kanilang mga paa sa bungad ay pumatak agad ang luha ng matanda dahil sa panlulumo. Nasira ang malaking bahagi ng dating luntiang kabakawan, habang nawasak naman ang kanilang mga bangka.

"Lola, makababangon din po tayo," sabi ni Mira sabay yakap kay Marina.

Ilang mga linggo at buwan ang nakalipas bago simulang nakabangon ang mga pamilya sa parke. Ang kanilang kagubatan naman ay naging kulay kayumanggi dahil sa natuyong kabakawan at iba pang mga punongkahoy na nagsipagtumbahan dahil sa bagyo.



Isang araw, may dumating na grupo ng mga siyentista upang magbahagi ng kanilang pag-aaral tungkol sa kabakawan ng Sitio Sabang.

"Ako si Kiko isang dalubhasa sa kagubatan," pakilala ng isa sa kanila.

"Kailangan na nating simulan ang pagtatanim upang mapanumbalik ang sigla ng kabakawan at ang iba't ibang benepisyong hatid nito."



Paliwanag ng eksperto, mahalaga ang kabakawan lalo pa sa Pilipinas na nanganganib sa krisis sa klima.


"Dahil nakalatag ito sa ating baybayin, nagsisilbi silang pananggalang sa malalakas na hangin, hampas ng mga alon, at ragasa ng tubig-baha na sanhi ng bagyo na posibleng makapaminsala sa mga komunidad."



Tahimik na nakikinig ang lahat, mapamatanda o bata. “Alam ninyo ba na mahalaga ang kabakawan dahil tumutulong ito sa pagsipsip ng karbon at iba pang mga mapanganib na kemikal na nasa alapaap?

“Ang mga kemikal na ito ang siyang nagpapainit ng mundo at nagpapabago sa ating klima. Kaya mahalagang masimulan na natin ang pagtatanim upang mapanumbalik ang sigla ng kabakawan at ang iba't ibang benepisyong hatid nito.

"At base rin sa aming pag-aaral, ang kabakawan at ang kalakhang kagubatan dito sa parke ang nagsakripisyo kaya hindi ganoong kalubha ang pinsalang hatid ng bagyo sa inyo."



"Ganoon po ba?" usal ng mausisang si Mira. "Ano kaya ang maaari naming gawin bilang mga bata?"

Bagama't mahina ang tinig ni Mira, narinig ito ng isa pang siyentista. "Magandang tanong iyan," nakangiting tugon ni Kiara. "Maaari kayong tumulong, mula sa paghahanda ng mga punla hanggang sa pagtatanim.

"Ikuwento niyo sa inyong mga kaibigan, magulang, at kamag-anak ang kahalagahan ng kabakawan bilang proteksyon mula sa malalakas at napadadalas na mga bagyong dala ng nagbabagong klima."





Dagdag pa ni Kiara, maaari ding maging kabahagi ang mga kabataan sa pagprotekta sa kagubatan laban sa mga iligalista.

“Hikayatin ninyo ang inyong mga magulang at iba pang mga nakatatanda na isumbong sa kinauukulan kung sakali mang may mapansin silang iligal na pagpuputol ng punongkahoy at iba pang ipinagbabawal na mga gawain.”

At ganoon nga ang ginawa ni Mira at ng kaniyang mga kaibigan.

"Gusto ng Diyos na tayo ay maging mabuting tagapamahala ng kagubatan at iba pang mga likas-yaman na nilikha Niya," paghihikayat nito sa sinumang makasalamuha.

Masayang nagsama-sama sina Mira, ang kaniyang mga kaibigan, pamilya, at ang iba pang mga kasapi ng kanilang komunidad para magtanim at mangalaga sa kabakawan.








Ilang taon ang lumipas at napanumbalik nila ang yabong ng kanilang kabakawan. Nagkaroong muli ito ng buhay at kulay dahil sa pagbabalik ng mga buhay-ilang. May mga sumunod mang unos, patuloy na naging matatag ang kabakawang ito na siyang nagbibigay katatagan at kabuhayan sa pamilya nina Lola Marina at Mira at sa kanilang buong pamayanan.

*__"Ang Mahiwagang Kabakawan ng Cabayugan"__ ay magpapakilala sa kahanga-hangang mag-lola na sina Lola Marina at Mira na ang buhay ay nakaugat sa mayamang kabakawan ng Barangay Cabayugan sa Puerto Princesa Subterranean River National Park. Tulad ng maraming mga residente rito, umaasa sila sa mga kabakawan para sa ekoturismo, pagkain, at marami pang iba. Subalit, isang malakas na bagyo na sanhi ng krisis sa klima ang humagupit at sumira sa kanilang kabakawan. Makakaya kaya ng komunidad nina Lola Marina at Mira na mapanumbalik pa ang sigla ng ekosistemang ito at tiyakin ang kanilang kinabukasan?*






*Si __Keith Anthony S. Fabro, LPT__ ay isang mamamahayag, guro, at mananaliksik na nakatuon sa agham pangkalikasan na nakabase sa Palawan. Natapos niya ang kaniyang BA Mass Communication Journalism track (Cum Laude) sa Palawan State University noong 2015 bilang isang iskolar ng Commission on Higher Education. Ang mga likhang pamamamahayag niya ay nailathala sa Palawan News, Rappler, Mongabay, Dialogue Earth, Eco-Business at Channel News Asia. Siya ay tumanggap na ng pangnasyonal at internasyonal na mga parangal tulad ng Agriculture Journalist of the Year Award noong 2022 mula sa Philippine Agricultural Journalists Inc., at Excellence in Environmental Reporting Award noong 2020 at 2022 mula sa Society of Publishers in Asia.*



*Si __Mia Duane A. Ventura__ ay isang self-taught artist na nagtapos ng BS Petroleum Engineering sa Palawan State University. Sa kabila ng kanyang tinapos sa kolehiyo, pinili niyang sundan ang kanyang pagmamahal sa sining at maging isang artist at crafter. Watercolor ang kanyang pinakapaboritong medium. Nagsasagawa siya ng mga workshop sa basic calligraphy at watercolor. Ang kaniyang mga ilustrasyon ay lubos na personal na nagsisilbing personipikasyon ng kaniyang mga emosyon. Siya ay isang full-time artist ng halos limang taon at tatlong taon dito ay bilang isang small business owner na nagpapakita ng kaniyang mga likhang sining.*

**SA PAKIKIPAGTULUNGAN NG**

*Para sa mga komento at mungkahi, maaari mag-email sa Ekomunikatib Multimedia Consultancy Services sa __ekomunikatibmultimedia@gmail.com.__ Sundan ang __Project FOREST (@projectforestph)__ sa Facebook para sa mga update at higit pa!*